

Mga Kalamangan :

- Ang mga “land users” ay nabibigyan ng pahintulot/kapangyarihan dahil sa “participatory approach” ng programang ito
- Magandang suporta mula sa lokal na pamahalaan sa pagpapanatili o pagsu-sustena nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong na teknical, paggawa ng mga sentro sa pagsasanay, tulong ng pamahalaan sa mga pang-agrikulturang mga pangangailangan.



Bureau of Soils and Water Management



Bureau of Agricultural Research



“Development of Decision Support Tools on Sustainable Land Management (SLM) as a Key to Address Abiotic Stresses in Areas Vulnerable to Climate Change”



PALAYAMANAN: Climate Change Adaptation Strategy for Low-land Ecosystem

Pagsama-sama ng iba't-ibang paraan sa pamumuhunan sa pagsasaka na pinamumunuan ng isang mag-anak; batay sa kasalukuyang kapaligiran at sa kanilang pinagkukuhanan ng kabuhayan upang maibsan ang suliranin sa kasiguraduhan sa supply sa pagkain, at ang pabago-bago at hindi sapat na kita.

Layunin :

- Upang mapabuti ang paglalaan ng mga likas na yaman
- Upang mapahusay ang “bio-diversity” at “ecological balance”
- Upang mabawasan ang panganib sa produksyon
- Upang madagdagan ang “crop intensity”, “crop productivity”, “profitability”, at katatagan ng ekonomiya
- Upang magkaroon ng patuloy na pagbibigay ng pagkain at mas mataas na kita para sa mga gumagamit ng lupa o “land users”.

Mga Nakapaloob sa Teknolohiya :

“Alternative Wetting and Drying” - ay isang pamamaraan ng pamamahala ng tubig kung saan ang kinakailangan na tubig sa palayan ay mabawasan ng hindi naapektuhan ang ani nito

“Modified Rapid Composting” – isang paraan ng pagpapabulok ng dayami gamit ang isang “compost fungus activator”, “Trichoderma harzianum” o epektibong micro-organism, na magsisilbing compost o pataba sa lupa.



Teknikal na Suporta :

Pagsasanay:

- Pagsasanay para sa mga magsasaka, “field staff/ agricultural advisor”
- Ang mga pagsasanay ay “on-the-job”, mga lugar na paglalagyan ng demonstrasyon ng mga teknolohiya at pang-publikong pagpupulong, pagbisita sa mga lugar/ magsasaka sa bawat magsasaka
- Ang mga pagsasanay ay naka-tuon sa “Farmers Field School” (FFS)
- Mayroon din pagsasanay para sa mga taong tagasanay (Training of Trainers) tungkol sa pagtatanim ng palay.

Pananaliksik:

- Ang mga paksa ng pananaliksik ay maaring tungkol sa teknolohiya, ekonomiya o pamimarkado
- Ito ay kadalasan ginagawa sa mga estasyon o “on-farm research”

Pagsubaybay at Pagsusuri

Sinubaybayan	Pamamaraan at Palatandaan
Teknikal	“Ad hoc” pagsusukat ng kawani ng proyekto at may-ari ng lupa
Ekonomik/Produksyon	“Ad hoc” pagsusukat ng kawani ng proyekto gobyerno
Bilang ng magsasakang sumali	“Ad hoc” pagsusukat ng gobyerno at may-ari ng lupa
Bio-pisikal	Pagmamasid ng kawani ng proyekto
Paraan ng Pamamahala	Pagmamasid ng gobyerno

Mga Epekto ng “Approach” :

- Nagkaroon ng paglipat mula sa “mono-cropping system” patungo sa pag-iba-iba ng pananim (diversified cropping) na nagpabuti sa katangian ng lupa
- Ang mga magsasaka ay sinanay para maging “extension workers” at magsilbing “resource speaker” sa mga magsasakang sinasanay sa kanilang munisipalidad o lugar.
- Napabuti ang sistema ng pagsasaka ng mga land users at tumaas ang kanilang income

Mga Yugto ng Pagsasagawa :

- Pagpili ng mga lugar na maaring gawing demonstrasyon ng mga teknolohiya bilang katambal ng magsasaka.
- Pangangasiwa ng paglahok ng mabilisang kalkula sa mga lugar.
- Pagpapalano.
- Pangangasiwa ng pagsasanay sa mga magsasaka.
- Pagtatayo ng demonstrasyon ng mga iba’t-ibang teknolohiya sa mga lugar na pang-sakahan.
- Pagmonitor at pagtaya.
- Pagkakaunlad ng mga katangian o kakayahan ng mga magsasaka (para sa pananaliksik, pagpapalawig ng kaalaman sa pagsasaka, pagnenegosyo)

Pangunahing Pagganyak sa mga Magsasaka sa Pagsasagawa ng SLM :

- Produksyon
- Mapalaki ang kita
- Mapabuti ang kabuhayan at kapakanan
- Pagbabayad/tulong
- Kamalayan sa kapaligiran, moral at kalusugan

Pagpapanatili sa mga Gawain :

- Ang mga magsasaka ay kayang mapanindigan o mapanatili ang proyekto kahit walang suporta
- Ang “approach” ay magpapatuloy kahit na walang suporta mula sa “Philippine Rice Research” (PhilRICE) dahil ang mga teknolohiya ay naituro ng maayos sa mga “land users”.